# Edukasyon sa Pagpapahalaga III

**Yunit 1**
**Modyul Blg. 2**

## Magtulungan Tayo… Magkaisa !

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Taong grasa, pulubi, mga batang kalye…nakasalubong mo na ba sila sa daan?

Mag-anak na natutulog sa karton, mga batang naghahalungkat sa bundok ng basura, mga taong nakatira sa gilid ng sea wall. Natitiyak ko na nakita mo na sila, maaaring personal o sa napanood mo sa telebisyon.

Ano ang nararamdaman mo kapag nakakakita ka ng tulad nila? Sa palagay mo, ang kanila bang dignidad bilang tao ay nababawasan dahil sa kanilang kalagayan?

Subukan mo naman na magmasid sa ibang bahagi ng ating lipunan. Pumunta ka sa Dasmarinas Village sa Makati, sa Ayala Alabang sa Muntinlupa o di kaya ay sa Corinthian Gradens sa Ortigas…naglalakihan at mga malapalasyong tahanan, iba't-ibang modelo ng sasakyan, saganang hapag kainan at salaping halos wala ng paglagyan.

Ano naman ang damdaming naghahari sa iyo kapag nakakakita ka ng ganito?

Tila hindi makatarungan ang buhay ano? Kulang na kulang ang marami, labis-labis naman ang iilan.

Kung ikaw ang nasa kalagayan ng huli, ano kaya ang maaari mong gawin upang matulungang itaas ang kalagayan ng mga taong kapus-palad?

Sa pagtunghay mo sa mga gawain ng araling ito, umaasa akong higit mong mauuunawaan ang kahalagahan ng papel mo sa pagtataguyod ng kabutihang panlahat.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

L.C Napahahalagahan ang prinsipyo ng *solidarity* at *subsidiarity* sa pagkakamit ng kabutihang panlahat

A. Nabibigyang- kahulugan ang prinsipyo ng *solidarity* at *subsidiarity*
B. Napahahalagahan ang dignidad ng tao sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga gawaing makatutulong sa pag-aangat

C. Nakababalangkas ng mga tiyak na hakbang kung paano maitataguyod ang kabutihang panlahat sa pangkat na kanyang kinabibilangan.

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## Handa Ka Na Ba?

A. Basahing mabuti ang mga pahayag at piliin ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Ang *bayanihan* ay isang pagpapahalagang Pilipinong nagpapakita ng:
   a. pagkamakabayan
   b. pagkakaisa
   c. pagkamalikhain

2. Mahalaga sa pagkakamit ng *principle of solidarity* ang:
   a. mahusay na pinuno
   b. pagsunod ng bawat kasapi
   c. pagkilos bilang isang pangkat

3. Mahalagang ang sama-samang pagkilos tungo sa pagkakamit ng :
   a. iisang mithiin
   b. kabutihang panlahat
   c. kaunlaran

4. Ang *prinsipyo ng subsidiarity* ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagkilos ng:
   a. bawat pangkat gaano man ito kaliit
   b. mga pinuno ng bawat pangkat
   c. mga mamamayan at lahat ng kasapi

5. Ang dignidad ng tao ay nag-uugat sa kanyang:
   a. kalagayang pangkabuhayan
   b. taglay na kagandahang asal
   c. pagiging natatanging nilikha


B. Sagutan nang buong katapatan ang mga pahayag sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (/) sa angkop na kolum .

| | Tama | Mali |
|---|---|---|
| 1.Ang kalagayang pangkabuhayan ay nakatutulong sa pagpapataas ng dignidad ng isang tao. | | |
| 2. Ang pagkakaisa ay nakatutulong sa pagkakamit ng mithiin ng isang pangkat. | | |
| 3. Bawat tao ay may angking dignidad. | | |
| 4. Ang labis na pamumulitika ay tanda ng kasiglahan ng demokrasya ng isang lipunan. | | |
| 5. Ang ginagawang pagtulong ng mga NGO *o Non Government Organization* sa mga mahihirap nating kababayan ay isang halimbawa ng pagsasabuhay ng *Principle of Subsidiarity*. | | |
| 6. Ang *Principle of Solidarity* ay paraan ng pagtataguyod ng kabutihang panlahat. | | |
| 7. Ang kabutihang panlahat ay matutugunan lamang kung lagi nating isasaisip ang makabubuti sa ating sarili at ng pamilya. | | |
| 8 Ang tiyaking iginagalang ang dignidad ng bawat tao ay pananagutan lamang ng mga *cause oriented groups.* | | |
| 9. Maaring mapataas o mapababa ang dignidad ng tao depende sa kanyang kalagayan sa buhay. | | |
| 10. Nag-uugat ang dignidad ng tao sa kanyang kakanyahan bilang isang nilalang. | | |

# I. Tuklasin Mo

## Gawain Blg.1

Sa mga nagdaang aralin na natapos mo sa yunit 1, naging malinaw sa iyo na ang lipunan ay instrumento sa pagkakamit ng kaganapan ng isang tao. Tingnan mo ang puzzle sa ibaba. Ano ang ibig nitong ipakita?



Ano kaya ang maaaring mangyari kung **hindi** gagampanan ng mga sumusunod ang kanilang mga tungkulin? Isulat mo ang iyong sagot sa kaukulang espasyo sa ibaba.

| Magulang | Pinuno ng bayan | Manggagawa | Negosyante |
|---|---|---|---|
| Hal.<br>Kung magpapabaya ang mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak ng kabutihang asal, maraming kabataan ang maliligaw ng landas. | | | |

## Sagutin Mo

1. Bakit may nakatakdang gawain para sa iba't-ibang institusyong panlipunan?
2. Bakit mahalaga ang gawain ng bawat isa?
3. Batay sa natapos na gawain, paano mo bibigyang kahulugan ang *Principle of Subsidiarity?*

## Gawain Blg. 2

Nakakita ka na ba ng walis tingting? Bakit mahalaga ang bigkis na nagtatali sa kanila? Maiwawalis mo ba ito kung iisa lamang tingting ang gagamitin? Anong aral ang maaari mong matutuhan sa walis na ito?

Anu-anong mga suliraning panlipunan ang nakikita mong sanhi ng kawalan ng pagtutulungan at pagkakaisa. Isulat  ito sa mga islang nasa mapa ng Pilipinas.

## Sagutin Mo

1. Paano nakahahadlang ang mga suliraning ito sa pagkakamit ng kabutihang panlahat?
2. Paano nagiging balakid ang mga ito sa pagkilala at pagtataguyod ng dignidad ng tao? Isulat mo ang iyong sagot sa mga arrow na nakapaligid sa larawan ng tao sa susunod na pahina.

Nagsisilbing balakid ang mga ito sa pagkilala at pagtataguyod ng dignidad ng tao sapagkat____________________________
___________________

Gawain Blg.3

Ipagpalagay nating Pangulo ka ng Pilipinas. Nais mong makahikayat ng mga foreign investors upang magkaroon ng maraming trabaho ang iyong mga mamamayan, ngunit maraming cause-oriented groups ang tumututol sa pagtatayo ng mga multi-national companies sa bansa. Araw-araw ang demonstrasyon sa kalye.

Ano ang iyong gagawin upang maitaguyod ang kabutihang panlahat?

*Bilang pangulo ng bansa, ito ang aking gagawin:*

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Sagutin Mo

1. Anu-ano ang isinaalang-alang mo sa nabuo mong pasya?
2. Masaya ka ba sa naging pasya mo? Bakit?
3. Ano ang mahalagang salik na makatutulong sa tagumpay ng iyong mga gagawin?
4. Batay sa gawain 3, paano mo bibigyang kahulugan ang *Principle of Solidarity?*

## Ano ang Iyong Natutuhan?

Ano ang mahalagang konseptong nauugnay sa *Principle of Subsidiarity at Solidarity* ang naging naglinaw sa iyobunga ng araling ito? Isulat mo ang nabuo mong konsepto sa ibaba.

Ang *Principle of Subsidiarity* ay__________________________

Ang *Principle of Solidarity* ay__________________________

Mahalaga ang dalawang prinsipyong ito sa pagkakamit ng kabutihang panlahat sapagkat___________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________

## V. Pagnilayan at Isabuhay Mo

"May sakit ang mundo. Ang sakit na ito ay sanhi ng hindi produktibong monopolyo ng yaman ng iilan at ang kawalan ng pagkakapatiran ng mga indibidwal at mamamayan." Ito ang sinabi ni Papa Pablo VI sa kanyang *Popularium Progressio.* Binibigyang puna niya ang katotohanang kulang tayo sa pagsasabuhay ng pagkakaisa at pagtutulungan upang maitaguyod ang kabutihang panlahat.

Ang pahayag ng ito ay nauugnay din sa pagsasabuhay ng prinsipyo ng solidarity at subsidiarity na unang binanggit ni Papa Pius XI sa kanyang *Quadragesimo Anno* at muling binigyang diin ni Papa Juan Pablo II sa kanyang *Centesimus Annus*. Ayon dito:

> Ang lipunan ay uunlad lamang kung kikilalanin ng mamamayan na ang mga institusyon at samahang panlipunan ay may ibat-ibang gawain. Hindi nararapat pakialaman ng isang nakatataas na institusyon o organisasyon ang maliit niyang nasasakupan maliban na lamang kung kakailanganin ang kanyang tulong at koordinasyon upang higit na maging epektibo ang pagbibigay serbisyo nito sa mga mamamayan na magiging daan sa pagkakamit ng kabutihang panlahat.

Isinilang ang bawat tao ng may taglay na dignidad. Nag-uugat ito sa katotohanang siya'y isinilang na natatangi at itinalaga sa paggawa ng mabuti. May angkin siyang talino at malayang loob (will). Ang pagkakamit ng kanyang kaganapan bilang natatanging nilikha ay mahalagang isaalang-alang.

Walang isinilang na perpekto. Lahat tayo'y may kakulangan at mga pangagailangang maari lamang nating matugunan sa pamamagitan ng ating kapwa. Dahil dito, napakahalagang magtulungan ang bawat isa tungo sa pagkakamit ng ating kaganapan bilang tao. Dito papasok ang prinsipyo ng *solidarity at subsidiarity.*

Upang higit mo pang maunawaan ang dalawang prinsipyong ito, tingnan mo ang paglalahad na ginawa ni Fr. Joseph M. de Torre:

| Prinsipyo ng *Solidarity* | Prinsipyo ng *Subsidiarity* |
|---|---|
| Nagbibigay diin sa:<br>• Kabutihang panlahat<br>• Tungkulin<br>• Kooperasyon<br>• Pagkakapantay-pantay | Nagbibigay diin sa:<br>• Katauhan ng isang indibidwal<br>• Karapatan<br>• *Privacy*<br>• Kalayaan |

Ayon pa sa kanya, mahalagang panatilihin ang balanse ng dalawang ito upang higit na mabigyang pansin ang pagkakamit ng kabutihang panlahat at pagkilala sa dignidad ng tao.

Idinagdag pa niya:

*What must be done in order to avoid this error is:*

- *efine the person as related to the common good, and to define the common good as related to the person.*

Ang prinsipyo ng *solidarity* ang mag-aakay sa estado upang itaguyod ang kabutihang panlahat kahit na kung minsan ay maisakripisyo ang kapakinabangan ng ilang indibidwal.

Ang prinsipyo ng *subsidiarity* ang mag-aakay sa estado na igalang at pangalagaan ang mga likas na karapatan ng bawat indibidwal at ng pamilya na naaayon sa kabutihang panlahat

Basahin mo at unawain ang kuwento . Paano mo ito maiuugnay sa natapos na aralin?

Kooperasyon ng mga bahagi ng katawan

Isang araw, si Kamay, Bibig, at Ngipin ay nagsimulang magtalo. Nagrereklamo sila sapagkat nakikita nila ng walang ginagawa si Tiyan, samantalang sila ay hirap na hirap magtrabaho.

Ang nakikita nila ay ang kani-kanilang paghihirap samantalang si Tiyan ay nagpapahinga lamang at tanggap ng tangap ng lahat ng kanilang pinagpaguran.

Dahil sa kanilang paniniwalang ito, nagkasundo sila Kamay, Bibig at Ngipin na titigil sila sa kanilang gawain.

Kinabukasan, hindi na dinala ni Kamay ang pagkain kay Bibig, Wala ng ipinasang pagkain si Bibig kay Ngipin, at wala ng nginuyang pagkain si Ngipin.

Hindi nagbilang araw, dahan-dahan nanghina ang buong katawan at naramdaman ni Kamay, Bibig at Ngipin na sila man ay nanghihina na rin.


Dahil sa walang tinunaw na pagkain si Tiyan, walang enerhiyang maipamahagi sa buong katawan kung kaya't nakaramdam ang buong katawan ng panghihina.

Ito ang naging daan upang magbago ang dating pananaw nila Kamay, Bibig at Ngipin. Napagtanto nila na si Tiyan man pala ay may mahalagang gawain bagaman di nila napapansin.

Mahalagang magkaisa ang bawat isa upang mapanatiling malusog hindi lamang ang mga bahagi kundi maging ang buong katawan.

Halaw mula sa 500 Stories ni Frank Mihalic

Bilang isang kabataan, paano ka makatutulong sa pagtaguyod ng kabutihang panlahat at pagkakaisa sa pangkat na iyong kinabibilangan? Isulat sa mga hugis oblong sa ibaba ang tiyak na hakbang na iyong isasagawa upang maisakatuparan ito.



## VII. Gaano Ka Natuto?

Basahing mabuti ang mga pahayag at piliin ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Ang *bayanihan* ay isang pagpapahalagang Pilipinong nagpapakita ng:
    a. pagkamakabayan
    b. pagkakaisa
    c. pagkamalikhain

2. Mahalaga sa pagkakamit ng *principle of solidarity* ang:
    a. mahusay na pinuno
    b. pagsunod ng bawat kasapi
    c. pagkilos bilang isang pangkat

3. Mahalagang ang sama-samang pagkilos tungo sa pagkakamit ng :
    a. iisang mithiin
    b. kabutihang panlahat
    c. kaunlaran

4. Ang *prinsipyo ng subsidiarity* ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagkilos ng:
    a. bawat pangkat gaano man ito kaliit
    b. mga pinuno ng bawat pangkat
    c. mga mamamayan at lahat ng kasapi

5. Ang dignidad ng tao ay nag-uugat sa kanyang:
    a. kalagayang pangkabuhayan
    b. taglay na kagandahang asal
    c. pagiging natatanging nilikha

B. Ngayon nakarating ka na sa katapusang bahagi ng modyul na ito, inaasahan kong malinaw na sa iyo ang konsepto ng aralin. Lagyan ng tsek (/) ang wastong sagot.

| | Tama | Mali |
|---|---|---|
| 1.Ang kalagayang pangkabuhayan ay nakatutulong sa pagpapataas ng dignidad ng isang tao. | | |
| 2. Ang pagkakaisa ay nakatutulong sa pagkakamit ng mithiin ng isang pangkat. | | |
| 3. Bawat tao ay may angking dignidad. | | |
| 4. Ang labis na pamumulitika ay tanda ng kasiglahan ng demokrasya ng isang lipunan. | | |
| 5. Ang ginagawang pagtulong ng mga NGO *o Non Government Organization* sa mga mahihirap nating kababayan ay isang halimbawa ng pagsasabuhay ng *Principle of Subsidiarity*. | | |
| 6. Ang *Principle of Solidarity* ay paraan ng pagtataguyod ng kabutihang panlahat. | | |
| 7. Ang kabutihang panlahat ay matutugunan lamang kung lagi nating isasaisip ang makabubuti sa ating sarili at ng pamilya. | | |
| 8 Ang tiyaking iginagalang ang dignidad ng bawat tao ay pananagutan lamang ng mga *cause oriented groups.* | | |
| 9. Maaring mapataas o mapababa ang dignidad ng tao depende sa kanyang kalagayan sa buhay. | | |
| 10. Nag-uugat ang dignidad ng tao sa kanyang kakanyahan bilang isang nilalang. | | |

# VIII. Mga Sanggunian


Beabout, Gregory R. *Markets Morality.*
http://www.acton.org./publicat/m_and_m/1988_oct/beabout.html

Mihalik, Frank, SVD. *1000 Stories You Can Use. Vol. II.* Manila: Divine Word Publications. 1989.pp. 763

de Torre, Joseph M.  *Roots of Society*. Manila:Sinag-Tala Publishers, Inc. 1977. pp. 21-23


## Susi  sa Pagwawasto

### Handa Ka Na Ba?/ Gaano Ka Natuto

A.
1. b
2 c
3. b
4. a
5. c

B.

| Tama | Mali |
|---|---|
| 1 | / |
| 2 / | |
| 3 / | |
| 4 | / |
| 5 / | |
| 6 / | |
| 7 | / |
| 8 | / |
| 9 | / |
| 10 / | |